This translation is out of date. Use it along with the current VIS in English. Visit www.immunize.org/vis for details.



PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA

# Bakuna para sa Smallpox/Monkeypox (JYNNEOS™): *Ano Ang Kailangan Mong Malaman*

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

## 1. Bakit magpapabakuna?

**Ang bakunang smallpox/monkeypox (JYNNEOS™)** ay makakatulong na magbigay proteksiyon laban sa smallpox, monkeypox, at mga ibang sakit na dulot ng mga orthopoxvirus, kabilang ang vaccinia virus.

Ang smallpox ay isang napakalubhang sakit na dulot ng variola virus. Ang ilang mga tao ay patuloy na nasa panganib na malantad sa virus na nagdudulot ng smallpox, kabilang ang mga taong nagtatrabaho sa paghahanda sa emerhensiya at ilang mga trabahador sa laboratoryo. Maaaring kumalat ang virus sa mga tao, nagdudulot ng mga sintomas kabilang ang lagnat at pagbubutlig sa balat. Maraming taong may smallpox sa nakaraan ang gumaling, pero mga 3 mula sa bawat 10 tao na may sakit ang namatay.

Ang monkypox ay bihirang sakit na may mga sintomas na katulad sa subalit mas banayad kaysa sa mga sintomas ng smallpox. Gayunpaman, maaaring makamatay ang monkeypox. Ang monkeypox ay bagong impeksiyon sa Africa at ang mga pagkalat ng mga imported na kaso ng monkeypox ay minsan nangyayari sa mga ibang bansa, kabilang ang United States.

Ang vaccinia virus ay maaaring magdulot ng sakit kapag ang mga tao ay nalantad sa mga may impeksiyong tao (tulad ng pagkalantad sa taong kamakailan ay nabakunahan ng ACAM2000®, isa pang uri ng bakuna sa smallpox) o mga hayop. Ang mga taong nagtatrabaho sa vaccinia virus sa mga laboratoryo ay maaaring aksidenteng malantad sa virus, at kapag nahawa sila, maaari silang magkasakit. Subalit, karamihan ng mga impeksiyon ng virus na vaccinia ay kusang gumagaling nang hindi ginagamot.

## 2. Bakuna ng smallpox/monkeypox (JYNNEOS™)

Ang bakuna para sa smallpox/monkeypox (JYNNEOS™) ay gawa mula sa pinahinang buhay na vaccinia virus at hindi makakapagdulot ng smallpox, monkeypox, o anumang ibang nakakahawang sakit.

Ang JYNNEOS™ ay aprubado ng Food and Drug Administration (FDA) para maiwasan ang sakit na smallpox at monkeypox sa **mga adult na 18 taong gulang o mas matanda na nasa mataas na peligro para sa smallpox o monkeypox na impeksiyon**.

- Nirerekomenda ng CDC ang JYNNEOS™ para sa ilang trabahador sa laboratoryo at mga miyembro ng pangkat na pang-emerhensiyang tugon na maaaring malantad sa mga virus na nagdudulot ng mga orthopoxvirus na impeksiyon.
- Nirerekomenda ng CDC ang konsiderasyon ng bakuna para sa mga taong namamahala sa ACAM2000®, o nag-aalaga ng mga pasyenteng naimpeksiyon ng mga orthopoxvirus.

Ang JYNNEOS™ ay karaniwang pinamamahalaan bilang serye ng 2 iniksiyon, 4 linggo ang pagitan. Ang mga taong nakatanggap ng bakunang smallpox sa nakaraan ay maaaring kailangan lang ng 1 dosis.

Ang mga booster na dosis ay nirerekomenda tuwing 2 o 10 taon, kung nananatili ang tao sa patuloy na panganib malantad sa mga smallpox, monkeypox, o ibang orthopoxvirus. Ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay makakapagbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.

## 3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pagbabakuna kung ang taong babakunahan ay:

- Nagkaroon siya ng **allergic na reaksiyon makalipas ang nakaraang dosis ng bakuna sa smallpox**, o may anumang **malala, banta sa buhay na mga allergy**
- Mayroong **mahinang immune system**
- Buntis o ipinapalagay na maaari silang **buntis** o **nagpapasuso**

Sa ilang mga kaso, ang tagapaglaan mo ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring magpasya na ipagliban ang pangkaraniwan (paunang pagkalantad) na pagbabakuna para sa smallpox/monkeypox gamit ang JYNNEOS™ hanggang ang pagbisita sa hinaharap.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

Ang mga taong may banayad na sakit, tulad ng sipon ay maaaring mabakunahan. Ang mga taong may katamtaman o malalang sakit ay dapat karaniwang maghintay hanggang gumaling sila bago makakuha ng pangkaraniwan (paunang pagkalantad) dosis ng JYNNEOS™. **Kung nirekomenda kang makatanggap ng JYNNEOS™ dahil sa pagkalantad sa monkeypox virus, dapat kang mabakunahan anuman ang kasabay na mga sakit, pagbubuntis, pagpapasuso o mahinang immune system.**

Ang JYNNEOS™ ay maaaring karaniwang ibigay nang walang alintana sa oras ng mga ibang bakuna. Subalit, ang ilang mga tao na nasa dagdag na panganib ng kundisyong tinatawag na myocarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso), kabilang ang adolescent o mga batang adult na lalaki ay maaaring pag-isipang maghintay ng 4 na linggo makalipas ang pagbabakuna ng JYNNEOS™ bago makatanggap ng ilang mga bakuna para sa COVID-19. **Kung narekomenda kang makatanggap ng JYNNEOS™ dahil sa pagkalantad sa monkeypox virus, dapat kang mabakunahan kahit na kamakailan ka lang nakatanggap ng bakuna para sa COVID-19.**

## 4. Mga Panganib ng isang reaksiyon sa bakuna

- Pamumula, kirot, pamamaga, at pangangati kung saan ininiksiyonan ang pinakakaraniwang mga bagay na nangyayari matapos ang pagbabakuna sa JYNNEOS™.
- Ang pagkahapo (kapaguran), sakit ng ulo, at pananakit ng kalamnan ay maaari rin minsan mangyari makalipas ang pagbabakuna sa JYNNEOS™.

Ang mga tao kung minsan ay hinihimatay matapos ang medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong provider kung nakakaramdam ka ng pagkahilo, o may mga pagbabago sa paningin o kuliling sa mga tainga.

Tulad ng anumang gamot, mayroong napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay magiging sanhi ng malalang allergic na reaksiyon, ibang malubhang pinsala sa katawan o kamatayan.

Maaari kang magpatala sa V-safe matapos makatanggap ng anumang dosis ng bakunang JYNNEOS™ sa paggamit ng iyong smartphone at pagpunta sa vsafe.cdc.gov. Ang V-safe ay sistemang pagsubaybay ng kaligtasan na nagpapahintulot sa iyong ibahagi sa CDC kung ano ang nararamdamam mo, o ang umaasa sa iyo matapos makatanggap ng bakunang JYNNEOS™. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa www.cdc.gov/vsafe.

## 5. Paano kung may isang malubhang problema?

Maaaring magkaroon ng allergic na reaksiyon pagkaalis ng binakunahang tao sa klinika. Kung makakita ka ng mga senyales ng malalang allergic na reaksiyon (pagpapantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Para sa ibang palatandaan tungkol sa iyo, tumawag sa iyong tagapaglaan ng pangangalaga ng kalusugan.

Dapat iulat ang mga salungat na reaksiyon sa Sistema ng Pag-uulat ng Hindi Mabuting Pangyayari kaugnay ng Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). Karaniwang isusumite ng iyong tagapaglaan sa pangangalaga ng kalusugan ang ulat na ito, o maaaring ikaw mismo ang gumawa. Pumunta sa VAERS website sa **www.vaers.hhs.gov** o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lang sa pag-uulat ng mga reaksiyon, at ang mga miyembro ng kawani ng VAERS ay hindi nagbibigay ng medikal na payo.*

## 6. Programang Bayad sa Pinsala ng Pagsugpo

Ang Programang Bayad sa Pinsala ng Pagsugpo (Countermeasures Injury Compensation Program) ay isang federal na programa na maaaring makatulong na bayaran ang mga gastos ng medikal na pag-aalaga at mga ibang partikular na gastos ng ilang mga tao na malubhang napinsala ng ilang mga gamot o pagbabakuna. Kung napinsala ko ng bakuna sa smallpox/monkeypox, maaari kang matuto pa tungkol sa Programang ito sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng programa sa **www.hrsa.gov/cicp**, o pagtawag sa **1-855-266-2427 (855-266-CICP)**.

## 7. Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Tanungin ang tagabigay mo ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Pumunta sa website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa mga insert sa pakete ng bakuna at karagdagang impormasyon sa **www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines**.
- Makipag-ugnay sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC) (Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit):
  - Tawagan ang **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
  - Pumunta sa website ng CDC sa **www.cdc.gov/poxvirus/monkeypox**.

Tagalog translation provided by Immunize.org